## Part 6: Ang Tungkol Sa Economiya

### 6.5 MANDATO

Nang likhain ng Diyos ang tao, kasama sa kanyang kalikasan ang dalawang naisin: ang sumamba at maglingkod sa Diyos.

Ang pagsamba ay pinalolooban ng pagsambit ng pagmamahal sa Diyos at papuri sa Kanyang mga kamangha-manghang katangian at gawa. Ang pagsamba ay nagmumula sa pusong nagtitiwala sa Kanyang salita. Kalooban ng Diyos ang pagsamba individually and corporately.

Ang paglilingkod sa Diyos ay ang pagsasakatuparan ng mandato na iginawad Niya sa tao.

**TIME OUT**

1. Ano ang dalawang naisin ng tao ng sila ay likhain ng Diyos?
2. Ano ang ibig-sabihin ng pagsamba at paglilingkod sa Diyos?

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Ang ibig-sabihin ng mandato ay: |
| | Ang mandato ng Diyos ay magagawa ko sa pamamagitan ng: |

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang maikling kwento at sagutin ang mga tanong.



Matapos likhain ng Diyos ang tao, sila'y kanyang pinagpala at sinabi Niya, "Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito. Binibigyan Ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng lupa. Ibinibigay Ko rin sa inyo ang lahat ng uri ng halamang nagkakabinhi at mga bungangkahoy bilang pagkain ninyo. Ang lahat ng halamang luntian ay ibinibigay Ko naman sa lahat ng hayop sa ibabaw ng lupa at sa lahat ng mga ibon. At ito nga ang nangyari. Pinagmasdan ng Diyos ang lahat Niyang ginawa, at lubos Siyang nasiyahan. Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga-iyon ang ikaanim na araw.

- Ano ang mandatong ibinigay ng Diyos sa tao?

  ______________________________________________

  ______________________________________________

  ______________________________________________

  ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Paano natin maisasagawa ang mandatong ito?

1) *Magbunga at magparami; punuin ang mundo*. Mahalagang alalahanin na ibinigay ito ng Diyos sa tao bago sila mahulog sa kasalanan. Ang nasa isip ng Diyos ay mapuno ang mundo ng mga taong taglay ang malinis at malinaw Niyang larawan. Sa ngayon, hanggang hindi lubusang naihuhugis ng Diyos ang wangis ni Cristo sa mga mananampalataya, hindi matutupad ang layuning ito. Kaya pinag-uutos ng Panginoong Jesus sa kanyang mga disciples na humayo, ibunyag ang ebanghelyo at gumawa ng Kanyang mga disipulo sa bawat bansa. Ito ang tinatawag na *Great Commission*. Among other things, ang commission na ito ay may economic component, sapagkat ang mga hahayo ay mangangailangan ng financial support upang ma-meet nila ang basic needs of life -- food, clothing and shelter.



2) *Lupigin ninyo ang lupa*. Ang kalagayan ng mundo sa Genesis 1:2 ay walang porma, hungkag, at madilim. Ito ang kundisyon ng lupa bago pa man ito sumpain ng Diyos dahil sa kasalanan (Genesis 3:17). Walang porma at hungkag ang lupa ng panahong iyon sapagkat ibibigay ng Panginoon Diyos ang pribelehiyo ng pagpapayaman ng lupa sa tao na Kanyang lilikhain. Ang mga puno at halaman bago pa man pumasok ang kasalanan sa mundo ay

lalago nang parang walang kaayusan. Hihintayin nito ang paglulupig o paghahardin na gagawin ng tao. Ang Hardin ng Eden ang magsisilbing modelo para nila tularan.

3) *Pamahalaan ninyo ang mga isda, ibon, hayop at lahat ng gumagapang sa balat ng lupa.* After the fall, ang laman ng isda, ibon at hayop ay naging pagkain na rin para sa tao. Ang production, distribution or trading ng mga products mula sa mga ito ay malaking negosyo.

Naalala ni Jenny ang kanyang mga kaibigan at kaklase na kanyang tinuruan kung paano ang tamang pagtatanim. Kinamusta niya ang mga ito. Malaking pasasalamat nila sa kanya dahil malaking tulong sa kanila ang pagtatanim dahil ito ay nakakatulong sa kanilang mga pangangailangan sa araw-araw. At katulad ng ginawa ni Jenny, ito rin ay itinuro ng kanyang mga kaklase sa kanilang mga kakilala. Masaya si Jenny dahil siya at ang kanyang mga kakilala ay nakakapaglingkod sa kanilang kapwa.

Sa iyong palagay, naisakatuparan ba ni Jenny at ng kanyang mga kaklase ang mandato ng Diyos? Ipaliwanag ang iyong sagot.

________________________________________

________________________________________

________________________________________



Ang ethic ng economics na dapat laging alalahanin ay ang pagpaparami, pamamahagi, at pagconsumo ng mga food at iba pang products na totoo, mabuti at tama.

Ang ethic ng economics sa paglulupig ng lupa upang ito ay gawing kapaki-pakinabang sa tao ay huwag na huwag kalilimutan: Ang magparami, mamahagi at magconsumo ng mga tamang producto lamang na totoong makabubuti para sa kalusugan ng tao.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Sila Jenny ba at ang kanyang mga kakilala ay nagbigay puri sa Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga gawa? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ________________________________________

   ________________________________________

2. Magtala ng mga maaaring gawin ng isang barangay upang ang mga residente dito ay makalikha ng isang lipunan na sumusunod sa kalooban ng Diyos.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutuhan ko na | Ang ibig-sabihin ng mandato ay: |
| | Ang mandato ng Diyos ay magagawa ko sa pamamagitan ng: |

**Verse of the Day:**

At inilagay nga ng Diyos ang tao sa halamanan ng Eden upang ito ay kanyang pangalagaan at pagyamanin. ***Genesis 2:15***